# Mga Turo tungkol sa Binyag at Sakramento sa Doktrina at mga Tipan 20

## Bahagi 1: Mga kwalipikasyon para sa binyag

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 20:37, at alamin kung ano ang dapat gawin ng isang tao para maging karapat-dapat sa binyag.

Kung kinakailangan, hanapin ang mga kahulugan ng mga salitang hindi mo nauunawaan. Pagkatapos ay ilista ang mga kwalipikasyon sa binyag sa espasyo sa ibaba. Maaari mong ibahin ang pagkakasulat ng ilan sa mga ito gamit ang sarili mong mga salita.

- Ano ang itinuturo sa iyo ng mga bagay na ito na kinakailangang gawin tungkol sa Panginoon at sa Kanyang mga hangarin para sa atin?
- Paano makatutulong na alalahanin ang mga bagay na ito na kinakailangang gawin kahit nabinyagan na tayo?

Pumili ng dalawa o tatlo sa mga kinakailangang gawin na nakalista sa talata 37. Talakayin kung paano makatutulong sa iyo ang patuloy na pagsisikap na sundin ang mga ito para maging higit na katulad ka ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

## Bahagi 2: Mga kinakailangang gawin pagkatapos ng binyag

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 20:68–69, at alamin ang mga inaasahan ng Panginoon sa atin matapos tayong binyagan.

- Mula sa talata 69, ano ang nalaman mo tungkol sa gagawin natin upang maipakita sa Panginoon na karapat-dapat tayo matapos tayong binyagan?

Maaari mong markahan ang pariralang “makadiyos na paglakad at pakikipag-usap” sa talata 69. Maipapakita ng isang tao ang “makadiyos na paglakad at pakikipag-usap” sa pamamagitan ng mga kilos, pag-uugali, at salita na nakaayon sa Diyos.

- Ano sa palagay mo ang ilan sa mga dahilan kung bakit nais ng Panginoon na ipakita ng mga miyembro ng Kanyang Simbahan ang “makadiyos na paglakad at pakikipag-usap” matapos silang mabinyagan?

Talakayin ang kahit tatlong partikular na halimbawa ng mga paraan na maipapakita natin ang “makadiyos na paglakad at pakikipag-usap“ sa ating buhay. Maaari mo ring talakayin ang mga halimbawa ng mga paraan na nagsikap kang ipakita ang mga ito sa sarili mong buhay.

## Bahagi 3: Pagtanggap ng sakramento

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 20:75, at alamin ang mga tagubilin ng Panginoon tungkol sa ordenansa ng sakramento.

- Sa iyong palagay, bakit nais ng Panginoon na magtipun-tipon tayo bawat linggo para tumanggap ng sakramento?

Ang talata 77 at 79 ay naglalaman ng mga panalangin na iniutos ng Panginoon na ibigay ng mga maytaglay ng priesthood kapag nangangasiwa ng sakramento. Sa pamamagitan ng ordenansa ng sakramento, pinapanibago natin ang mga tipang ginawa natin noong tayo ay nabinyagan at nakumpirma. Sa pagsisikap nating tuparin ang ating mga tipan at magsisi araw-araw, mararanasan natin ang gayon ding paglilinis at mga pagpapalang naranasan natin sa pamamagitan ng binyag.

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 20:77 at 79, at alamin ang ipinapangako natin at kung ano ang ipinapangako ng Panginoon kapag tumatanggap tayo ng sakramento. Maaari mong markahan ang mga pangakong ito sa iyong mga banal na kasulatan.

- Paano natin maipapakita na handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo?
- Ano ang ilang paraan na maipakikita natin sa Tagapagligtas na naaalala natin Siya?

Paano ipinapakita ng ordenansa ng sakramento ang pagmamahal at awa ng Tagapagligtas para sa atin?



© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_112-1